## Part 1: Ang Tamang Pananaw

### 1.1 ANG PUNDASYON

Ang pananaw ay binubuo ng mga bagay na ating pinaniniwalaan at pinapahalagahan. Ito ang nagbibigay kulay at kahulugan sa mga bagay at pangyayaring nagaganap sa ating paligid at nagbibigay hugis sa ating pagkilos. Halimbawa:

| PANANAW → | PAGKILOS |
|---|---|
| Taong walang pakialam sa karapatan ng sanggol na nasa sinapupunan | Hindi sasalungat sa pagpapalaglag o abortion |
| Kalalakihang hindi pantay ang pagtingin sa mga kababaihan | Hindi maglalaan ng tamang respeto sa mga babae |
| Kabataang hindi kumikilala sa awtoridad | Gagawa ng labag sa batas |

**TIME OUT**

- Ano ang pinagmumulan ng tamang pamumuhay o pagkilos?

  ______________________________________________

- Ano ang bumubuo ng ating pananaw?

  ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang mga bagay **pinaniniwalaan** ko ay: |
| | Ang mga bagay na **pinahahalagahan** ko ay: |

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang parabula at sagutin ang mga tanong.

> Matthew 7:24-27
>
> Matapos ang isang mahabang pangangaral ni Cristo, sinabi Niya ang ganito *"Ang sinumang makarinig ng aking mga pangaral at magsa-pamuhay nito ay tulad sa isang marunong na tao. Itinayo niya ang kanyang bahay sa bato. Bumuhos ang ulan, umapaw ang ilog, at humampas ang malakas na hangin; subalit hindi ito nagiba sapagkat ang pundasyon nito ay nasa bato. Subalit ang sinumang nakarinig ngunit hindi nagbigay kabuluhan sa Aking mga pangaral ay tulad sa isang hangal na nagtayo ng bahay sa buhanginan. Bumuhos ang ulan, umapaw ang ilog, at humampas ang malakas na hangin, at ito ay nawasak at nagiba."*

- Anong dalawang uri ng tao ang makikita sa parabula?
- Ano ang kahahantungan kung ang pundasyon ng bahay ay nakatayo sa bato?
- Ano ang kahahantungan kung ang pundasyon ng bahay ay nakatayo sa buhangin?
- Saan inahalintulad ni Cristo ang pagtatayo ng buhay ng tao?
- Paano mo maihahalintulad ito sa pananaw ng isang tao?

**PAG-USAPAN:**



**Saan Nakatayo Ang Iyong Pananaw?**

Maraming informal settlers ang nagtatayo ng kanilang barong-barong sa tabi ng tulay o kaya naman ay sa tabing ilog.

Ano ang maaaring mangyari sa kanila kapag dumating ang napakalakas na bagyo?

Sa iyong palagay , bakit tumitira ang mga tao doon sa bahay na walang pundasyon?

Kung ang ating pananaw ay hindi nakatayo sa katotohanan, siguradong babagsak ang ating moralidad, tulad ng mga nagsisiguhong bahay sa tabing ilog o tulay na walang pundasyon sa tuwing bumabagyo.



Si Lisa ay isa sa mga kabataang babae na naharap sa maagang responsibilidad. Hindi niya inakala na ang kasiyahang nararamdaman sa pagkakaroon ng boyfriend sa maagang edad ang siya ring magbibigay sa kanya ng problema at pighati. Malaki ang naging impluwensya kay Lisa ng kanyang mga kaibigan, ng kinalakihang environment at mga napapanood kaya naman naisip niya sundin ang kanyang nararamdaman sa halip na pakinggan at sundin ang pangaral ng mga magulang. Dahil sa malakas na bugso ng damdamin ay nag-engage sila sa pre-marital sex na humantong sa kanyang maagang pagdadalang-tao.

Base sa kuwento, anong bagay ang pinapaniwalaan at pinahahalagahan ni Lisa?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Saan nakatayo ang iyong pananaw: sa salita ng Diyos? sa human instinct? sa human reason? sa emotion?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ilang bahagi o percentage ng iyong pananaw sa buhay ang nakatayo sa salita ng Diyos?

   ______________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Ang mga bagay pinaniniwalaan ko ay dapat na:</td></tr>
<tr><td>Ang mga bagay na pinahahalagahan ko ay dapat na:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Mag-ingat kayo upang hindi kayo mabihag ninuman sa pamamagitan ng walang kabuluhang karunugnan at pandaraya na ayon sa mga tradisyon ng mga tao at mga alituntunin ng mundong ito, at ang mga ito ay hindi ayon kay Cristo. ***Colosas 2:8***